E

P

P

5

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)

**Distance Education for Elementary Schools**

**SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS**



# MGA SALIK NA DAPAT ISAALANG-ALANG SA PAGNANARSERI

**Department of Education**
**BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION**
**2nd Floor Bonifacio Building**
**DepEd Complex, Meralco Avenue**
**Pasig City**

**Revised 2010**
by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS),
DepEd - Division of Negros Occidental
under the Strengthening the Implementation of Basic Education
in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

*Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:*

***"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."***

This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.


This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (http://lrmds.deped.gov.ph/) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.

GRADE V

# MGA SALIK NA DAPAT ISAALANG-ALANG SA PAGNANARSERI



## ALAMIN MO



***Alam mo ba na ang narseri ay isang lugar kung saan ang mga buto at iba pang uri ng mga pananim ay pinatutubo at inaalagaan hanggang sa mga ito ay handa ng ilipat sa permanenteng tanim?  Kaya, dapat mong alamin ang mga salik na dapat isaalang-alang sa pagnanarseri upang matugunan ang pangangailangan ng pananim at ang kasiyahang nais matamo sa paghahalaman.***


## PAGBALIK-ARALAN MO

Bago simulan ang pag-aaral sa modyul na ito, lagyan mo ng bilog ang mga bilang na nagsasaad ng mabuting naidudulot ng pagnanarseri.

1. Ang pagnanarseri ay nakalilibang na gawain.
2. Natutugunan din nito ang mga magsasakang nangangailangan ng mga punla o binhing itatanim.
3. Natutugunan din nito ang mga pangangailangan ng mga taong nais mag-alaga ng manok.
4. Nagiging isang uri din ito ng paghahanapbuhay.
5. Nakatutulong ito sa pagsulong ng mga nais mangibang bansa.
6. Nakatutulong din ito sa pagsulong ng kabuhayan.
7. Natutulungan nito ang mga taong nais magtanim at agad silang may mapagkukunan ng mabuting uri ng binhi.
8. Natutugunan din nito ang mga suliranin na dulot ng basura.
9. Ang pagnanarseri ay nakapagpapaganda ng paligid.
10. Ito ay pananggalang sa polusyon na dulot ng mga usok ng mga sasakyan.

## PAG-ARALAN MO


Pagmasdan at pag-aralan ang mga larawan.



Sa mga larawang napagmasdan, nakita mo ba ang mga salik sa pagnanarseri?

Mahalagang malaman ang mga salik na kailangan sa pagnanarseri. Narito isa-isahin mo:


1. Matabang Lupa. Ang lupa sa pook ng binhian ay dpat na maging mataba (ibig sabihin, madali itong durugin at sagana sa humus) upang ang halaman ay tumubo. Ang katabaan ng lupa ay nangangailangan ng isang uri ng pagkaing halaman sa anyong humus, na matatagpuan sa lupa. Ang katabaan ng lupa ay nangangailangan ng isang uri ng pagkaing halaman sa anyong humus na matatagpuan sa lupa. Ang loam, banlik o putik ay mga uri ng lupa sa binhian.




2. Pagkakaroon ng Daluyan ng Tubig. Ang lupa na pagtatayuan ng narseri ay kinakailangan bahagyang nakahilig upang may dumaloy ang tubig, lalo na kung malakas ang ulan.




3. Malapit sa Pinagmulan ng Tubig. Ang narseri ay dapat na malapit sa pinanggalingan ng sapat na dami ng tubig, sapagkat ito ay kinakailangan sa pagpapatubo ng halaman. Higit na kinakailangan ang tubig kung tag-araw.




4. Maayos na Bakod. Ang narseri ay dapat mayroong maayos na bakod upang mapangalagaan ang mga halaman at mga pinaraming punla sa mga nakawala o ligaw na hayop.




5. Pagkakaroon ng Pananggalang sa Malakas na Hangin. Ang malakas na hangin ay nakakapinsala sa maliit na halaman, kung kaya't ang narseri ay dapat mayroong likas na pananggang hangin tulad ng mga punongkahoy o burol.



6. Nasisikatan ng Araw. Ang sikat ng araw ay kailangan ng halaman sa paggawa ng pagkain. Dapat nasisikatan ng araw sa maghapon ang napiling lugar na pagtatayuan ng narser.



7. Maaayos na Daan. Kailangan ding malapit sa maayos na daan ang narseri upang madaling maisapamilihan angmga punla at maging magaan ang paghahatid ng mga ito.



## SUBUKIN MO

A. Pagtambalin ang hanay A at hanay B. Isulat lamang ang titik ng sagot sa kuwaderno.

______ 1. matabang lupa
______ 2. maayos na daan
______ 3. pananggalang sa hangin
______ 4. daluyan ng tubig
______ 5. malapit sa tubig
______ 6. kaayusan ng bakod
______ 7. sikat ng araw

a. Mga punongkahoy at burol
b. Kailangan ito sa paggawa ng pagkain ng halaman
c. Pananggalang sa mga ligaw at at nakawalang mga hayop
d. Kailangan ito upang madaling maisapamilihan ang mga punla at maging magaan ang paghahatid ng mga ito
e. Takbuhan ng tubig
f. Kailangan ito sa pagpapatubo ng halaman lalo na kung tag-araw
g. Madaling durugin at sagana sa humus

B. Bakit dapat isaisip ang mga salik sa pagnanarseri? Ipaliwanag ito. Isulat sa kuwaderno ang mga sagot.

## TANDAAN MO

May mga salik na dapat isaalang-alang sa pagnanarseri na dapat laging isaisip upang makatiyak sa maayos at matagumpay sa gawaing ito.

## ISAPUSO MO

Ang pagnanarseri ay nagiging isang uri ng hanapbuhay, nakadaragdag ng kita, isang magandang libangan, nakapagpapaganda ng paligid at nakaaaliw. Subalit ang mga magagandang dulot ng pagnanarseri ay matatamo lamang kung ang moral sa paggawa tulad ng kasipagan, pagiging matulungin at pakikiisa, katapatan at pagkamalikhain ay iyong taglay.

## GAWIN MO

Iguhit sa isang malinis na papel ang anyo ng isang mainam o mahusay na lugar para sa pagnanarseri. Isaalang-alang ang mga salik na natutunan mo.




## PAGTATAYA

Isulat sa papel ang sagot sa bawat patlang ng sumusunod na mga pangungusap. Pumili ng sagot na nakasulat sa ibaba.

1. Ang ____________ ang pinakaangkop ng lupang gagamitin sa paghahalamang gulay sapagkat ito ay buhaghag, magaan at madaling bungkalin.
2. Ang mga halaman ay dapat tumanggap ng ____________ sa maghapon dahil ito ay kailangan sa paggawa ng kanilang pagkain.
3. Ang narseri ay kailangan malapit sa maayos na daan upang madaling maisapamilihan ang mga ____________ at maging magaan ang paghahatid ng mga ito.
4. Ang mga punongkahoy o mga ____________ ay mga halimbawang pananggalang sa malakas na hangin.
5. Mapangangalagaan ang mga halaman sa narseri kung meron ito ____________.
6. Ang ____________ ay kailangan sa paghahalaman lalong lalo na kung tag-araw.
7. Ang lupa ay kailangang bahagyang ____________ upang may takbuhan ang tubig lalo na sa panahon ng tag-ulan.
8. Ang loam, banlik o ____________ ay mga uri ng lupa para sa binhian.

| | |
|---|---|
| burol | maayos na bakod |
| punla | tubig |
| skat ng araw | nakahilig |
| loam soil | putik |



**Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.**

